WCB FACTS 2017

ANG WCB COVERAGE PARA SA INDUSTRIYA NG PAGSASAKA

Ang mga gawain sa pagsasaka ay iniuutos sa ilalim ng *Workers Compensation Act*. Kaugnay nito, ang mga may-ari ng bukid ay kinakailangang mag-ulat ng kanilang payroll kada taon sa WCB.

Ang coverage para sa mga nag-iisang may-ari, magkatuwang at mga direktor ng korporasyon ng negosyo **sa** bukid at ang kanilang mga miyembro ng pamilya ay hindi kasama maliban kung ang coverage ay tiyak na hinihiling para sa alinman sa, o sa parehong, uri ng coverage.

Ang mga sumusunod na industriya sa pagsasaka ay nagbibigay ng opsyonal na coverage para sa mga miyembro ng pamilya na nagtatrabaho sa negosyo:

- Farm Crop Production (Produksyon ng Ani ng Bukid)
- Stock and Dairy Farming (Pag-aalaga ng mga hayop sa bukid at mga hayop na pinagmumulan ng gatas)
- Hog and Poultry Farming (Pag-aalaga ng mga baboy at manukan)
- Hatcheries (Paitlugan)
- Beekeeping (Pag-aalaga Ng Mga Bubuyog)
- Greenhouse Nursery (Pag-aalaga ng mga halaman)
- Market Gardening (Maliit na produksyon ng mga prutas, gulay at bulaklak na ibinibenta ng direkta sa mga mamimili).

Kung ang coverage ay ninanais para sa mga miyembro ng pamilya, kailangan mong tiyak na mag-apply para sa coverage sa lahat ng miyembro ng pamilya na nagtatrabaho para sa negosyo sa bukid.

Sino ang itinuturing na isang miyembro ng pamilya sa mga tinukoy na industriya sa pagsasaka alinsunod sa WCB?

Ang isang miyembro ng pamilya, kaugnay sa isang magsasaka, ay tinutukoy ng WCB bilang:

(a) asawa o kabiyak ayon sa common-law (sistemang bumubuo ng desisyon batay sa desisyon ng korte) ng magsasaka
(b) anak ng magsasaka o anak ng asawa ng magsasaka o kabiyak ayon sa common-law (sistemang bumubuo ng desisyon batay sa desisyon ng korte)
(c) magulang ng magsasaka o asawa o kabiyak ayon sa common-law (sistemang bumubuo ng desisyon batay sa desisyon ng korte) ng magulang
(d) kapatid na lalaki, kapatid na babae, step-brother, step-sister, tiyo, tiya, pamangkin na lalaki, pamangkin na babae, apo, o lolo't lola ng magsasaka o ng asawa ng magsasaka o ng kabiyak ayon sa common-law (sistemang bumubuo ng desisyon batay sa desisyon ng korte)

(e) magulang ng asawa ng magsasaka o ng kabiyak ayon sa common-law (sistemang bumubuo ng desisyon batay sa desisyon ng korte)
(f) kasalukuyan o dating nag-alagang magulang ng magsasaka o ng asawa ng magsasaka o kabiyak ayon sa common-law (sistemang bumubuo ng desisyon batay sa desisyon ng korte)
(g) kasalukuyan o dating inalagaang bata (foster child), nagpoprotekta, o tagapag-alaga ng magsasaka o ng asawa ng magsasaka o kabiyak ayon sa common-law (sistemang bumubuo ng desisyon batay sa desisyon ng korte)
(h) ang asawa o kabiyak ayon sa common-law (sistemang bumubuo ng desisyon batay sa desisyon ng korte) ng taong nabanggit sa anumang bagay mula (d) hanggang (g)
(i) sinumang ibang tao na itinuturing na malapit na kamag-anak ng magsasaka, sila man ay magkaugnay sa dugo o hindi, inampon, kasal o relasyon ayon sa common-law (sistemang bumubuo ng desisyon batay sa desisyon ng korte).

Paano ako makakakuha ng opsyonal na coverage para sa mga miyembro ng aking pamilya?

Ikaw ay maaaring mag-apply para sa Opsyonal na Farm Family Coverage para sa mga miyembro ng pamilyang iyon na nagtatrabaho para sa, at binabayaran ng negosyo, sa **bukid**. Ang parehong bayad na iyong binabayad sa iyong ibang mga manggagawa ay sakop nito at ang halaga ng coverage ay batay sa kabuuang aktwal na taunang payroll ng mga miyembro ng pamilya. Kung ninanais mong mapasama ang mga miyembro ng pamilya, kailangan mong isama ang lahat ng mga miyembro ng pamilya na nagtatrabaho sa negosyo sa bukid.

Para bumili ng coverage na ito, mangyaring makipag-ugnayan ng direkta sa WCB.

Paano ako makakakuha ng coverage para sa aking sarili?

Bilang may-ari, direktor o kasosyo sa negosyo sa bukid, ikaw ay maaaring bumili ng Personal na Coverage para maprotektahan ang iyong sarili laban sa nawalang kita at maging karapat-dapat sa mga serbisyong medikal at rehabilitasyon sa kaganapan ng sakuna o sakit sa lugar ng trabaho.

Maaari kang bumili ng anumang halaga ng coverage ng nawalang kita sa pagitan ng taunang pinakamababang antas ng kita at ng taunang pinakamataas na antas ng kita sa parehong bayad na iyong binabayad sa iyong mga manggagawa.

Inirerekomenda namin na ikaw ay sumangguni sa Personal na Coverage Fact Sheet para matulungan kang pumili ng antas ng coverage na naaangkop sa iyong kalagayan, gayundin ang karapatan sa benepisyo – kabilang ang nawalang kita – sa kaganapan ng sakuna sa lugar ng trabaho.

Gaano katagal mananatiling epektibo ang coverage?

Dahil ang Farm Family Coverage at ang Personal na Coverage ay parehong opsyonal, ang coverage ay mananatiling epektibo hanggang ikansela mo ang coverage o hanggang ikansela ng WCB ang coverage dahil hindi ka sumunod sa mga pag-uulat at pagbabayad na pangangailangan ng WCB.

Kanino ako dapat makipag-ugnayan para sa karagdagang impormasyon?

Kung ikaw ay may mga katanungan hinggil sa Personal (Espesyal) na Coverage, o kung nais mong mag-apply para sa coverage, mangyaring tumawag sa Assessment Services sa (204) 954-4505 o sa toll free sa Canada at sa Estados Unidos sa 1-855-954-4321.

Bilang alternatibo, ikaw ay maaaring magpadala ng fax sa (204) 954-4900 o toll-free sa Canada 1-866-245-0796, o sumulat sa Assessment Services Department sa:

Workers Compensation Board
Assessment Services Department
333 Broadway
Winnipeg, Manitoba R3C 4W3

Ang lathalang ito ay ipinapagkaloob bilang pangkalahatang impormasyon. Hindi ito nilalayon na maging legal na payo, at hindi dapat asahan na bilang tulad. Para sa mas tiyak na impormasyon, tingnan ang The Workers Compensation Act and Regulations and WCB Policies. Ang mga dokumentong ito ay makukuha sa website ng WCB sa wcb.mb.ca.